

## Ano ang dahilan ng kanser sa baga?

**Karamihan ng kanser sa baga ay dulot ng paninigarilyo, ngunit ang pagkakalantad sa mga ito ay maaari ring maging sanhi nito:**

- ☒ Usok ng paninigarilyo ng ibang tao, na tinatawag na secondhand smoke.
- ☒ Radon, isang gas na walang amoy at walang kulay, na natural na umiiral sa kapaligiran. Maaari mong i-test ang iyong bahay kung may radon, gamit ang kit mula sa Nevada Radon Education Program.
- ☒ Asbestos, na maaaring makita sa mga lumang bahay.
- ☒ Diesel exhaust, kagaya ng sa malalaking truck.
- ☒ Pagkakalantad sa kemikal.

## Handa ka nang tumigil sa paninigarilyo?

Mahirap tumigil sa paninigarilyo, pero may mahihingan ng tulong.

May counselors ang Nevada Tobacco Quitline na handang tumulong anumang oras ng araw o gabi, at may magagamit na gamot para makatigil.

Humingi ng tulong online o sa telepono:

**Tumawag sa 1-800-QUIT-NOW o bisitahin ang https://nevada.quitlogix.org/ para makapagsimula.**

Maaari mong kausapin ang iyong doktor tungkol sa inireresetang gamot o iba pang tools para makatulong sa iyong tumigil sa paninigarilyo nang panghabambuhay at pagandahin ang iyong kalusugan.

NEVADA CANCER COALITION

NevadaCancerCoalition.org

## Mahirap tumigil. Madaling magpasuri ng baga.

**Kung naninigarilyo ka, o tumigil ka sa paninigarilyo, maaaring kwalipikado ka para sa lung cancer screening.**

**Kapag maagang nakita, mas madaling gamutin at lunasan ang kanser sa baga – salamat sa mga bagong pag-abante ng gamutan.**



# Tingnan natin kung kwalipikado ka para sa lung screening.

Edad 50-80 AT:

☒ Kasalukuyang naninigarilyo o tumigil sa nakaraang 15 taon.

☒ Naninigarilyo o nanigarilyo ng katumbas ng 20 "pack years."

☒ Walang senyales o sintomas ng kanser sa baga.

## Ano ang pack year?

May halos 20 sigarilyo sa isang normal na pack. Kapag nanigarilyo ka ng isang pack sa isang araw nang 20 taon, nanigarilyo ka ng 20 pack years.

Visit ShouldIScreen.com para sa pack year calculator.



# ng pack na naisigarilyo mo kada araw


X

# ng taong nanigarilyo ka

=

# ng pack years

## Mga Dapat Malaman Tungkol sa Screening para sa Kanser sa Baga



Sa screening, hihiga ka sa exam table nang nakataas ang mga braso mo sa ulo. Dadaan ang table sa parang tubong low-dose computed tomography (LDCT) scanner papunta sa puwestong pinagsimulan. Tapos, pipigilan mo ang hininga mo nang 5-10 segundo at dadaan ulit ang table sa makina para sa aktwal na scan.

Lilikha ang scan ng imahe ng iyong baga na maaaring gamitin ng mga doktor para maghanap ng mga senyales ng kanser, tulad ng mga tumutubo o bukol. Tumatagal nang halos 30 minuto ang buong proseso.

---

***Para sa kalusugan mo ang lung screening.***

***Magkaroon ng kontrol at kalimutan na ang "scanxiety."***



## Paano Magpa-Screen

Kausapin ang iyong doktor tungkol sa iyong paninigarilyo at humingi ng referral para sa lung screening.

Matutulungan ka ng iyong doktor at insurance provider na maghanap ng pinakamalapit na screening location at magpaiskedyul ng appointment.

Kino-cover ng Medicare, VA, at karamihan ng komersiyal na insurance providers ang lung screening. Kung kailangan mo ng tulong ssa pagbabayad para sa screening, kumontak ng ThriveNV navigator sa ThriveNV.org.